



Ang Pagdating ng Isang Panauhin: *Liham sa aking ama*

Ama,

Naaalala mo ba noong nakaraang 2019? Ikinagulat natin ang pagdating ng hindi inanyayahang panauhin. Sabay nating ikinatakot ang banta na maaring dalhin ng kanyang pagdating sa ating tahanan. Ngunit hindi lamang tayo. Napagmasdan ng lahat ang kanyang pagdating... at naramdaman halos ng lahat ang hagupit ng kanyang galit. Laman sya ng balita. Araw araw, napagmamasdan ng lahat ang kanyang pananalasa. Sa bawat tahanan, sa bawat lansangan...sa bawat sulok ng halos lahat ng bansa... Marami siyang sinira, maraming winasak...maraming pinangamba. Bumuhos ang luha at ang pighati. Ang alingawngaw ng bawat iyak, o ng bawat hiyaw ay tila batingaw na dinig sa buong pamayanan. Nagpapaaalala, nagbibigay babala, nagsasabi, isa syang panganib, isang pangamba...isang delubyo.

Subalit sa kabila ng lahat ng ito, hindi ka nagpatinag. Hindi mo alintana ang bawat dagok na sa ati'y kanyang dinulot. Dahil handa ka, handa kang humarap sa isang laban. Inihanda mo ang sarili mo para sa mga anak mo. Isa kang huwarang ama. Simula't simula pa'y ipinakita mong matatag ka... Mula sa tarangkahan, sinigurado mong 'di sya makakapasok. Sinigurado mong payapa at

tahimik na makakapagaral at matututo ang iyong mga anak...upang marating nila ang kanilang mga pangarap sa buhay. Ginamit mo ang iyong makabagong teknolohiya upang harapin ang kanyang banta. Mula sa pagbibigay ng babala sa bawat isa sa iyong mga anak, hanggang sa pagbabahagi ng tulong pinansyal sa mga anak mong naapektuhan ng pagkaudlot ng kanilang pag-abot sa kanilang mga pangarap. Di ka nagpasindak, bagkus, mas pinalakas mo ang iyong presensya bilang isang ama sa iyong mga anak. Mula sa kanilang mga silid-aralan, hanggang sa kanilang mga tahanan...ipinakita mong handa kang maging mabuting ama...masigarudao lamang ang kanilang kaligtasan.

Kumatok sya sa pintuan. Ngunit hindi mo binuksan ang tarangkahan para sa kanya. Pinrotektahan mo kami. Niyakap mo kami ng init ng iyong pagmamahal at pagkalinga upang walang sinuman sa iyong mga anak ang magdusa mula sa poot ng panauhing ito. Sa iyong pang-araw-araw na mga paalala, sa iyong lingguhang mga anunsyo ng wastong paraan ng paghawak ng aming mga sarili, ginawa mo kaming malakas at malayo sa kasamaan.

Binigyan mo kami ng isang mahalagang pangaral sa buhay... Pinaalalhanan mo kami na ang buhay sa mudo ay maikli lamang at kinakailangang pahalagahan ang bawat minutong lumilipas. Sapagkat ang buhay sa mundo ay pansamantala lamang, at ang kaligtasan at kalusugan ay dapat alagaan. At buong palad mong ipinakita iyon sa amin. Nagsilbi ka bilang isang huwaran ng lakas at tatag. Ginawa mong model ang iyong sarili, na dapat tularan...na dapat sundan ang yapak. Sa pagyapak ng delubyo ay naging matatag kami. Hindi madali ang buhay, sabi mo. Ang buhay ay hindi perpekto. Ang tadhana ay palaging magpupukol sa atin ng isang bagay na maaaring manghamon ang ating lakas at pananampalataya. At ang kanyang pagdating ay is ana rito, nagpapaalaala sa akin, sa amin... na hindi namin dapat harapin ang buhay nang walang paghahanda... datapwat ito'y harapang ng ibayong pag-iingat.

Ama, tinapik mo ang aking balikat at bumulong sa akin, "siya ay isang instrumento lamang na susukat sa aming talas ng isip, at ng ating pagiging handa". At nakakuha ako ng lakas ng loob mula sa iyong mga salita. Nakuha ko ang karunungan mula sa iyong mga aksyon. Sinabi mo na maikumpara natin sya sa isang unos. Ang kanyang presensya, bagaman nakapagpapaluha at nagdadalamhati, ay bahagi lamang ng natural na mundo. Ang pinakamahalaga ay kung paano ka

tumayo pagkatapos ng bagyo, ng bawat unos. Ang buhay sa ilalim ng iyong pangangalaga ay hindi naging mahirap tulad ng mga nasa ibang mga lugar sa iba't ibang sulok ng mundo, sapagkat ipinakita mo sa amin na ang paghahanda bago ang pagsalanta ng bagyo ay maaaring makatulong ng malaki. At dahil dito, nawala ang lahat ng aking kinakatakutan.

Tumayo kami nang may pagmamalaki at puno ng kaligayahan dahil hindi naming naranasan ang galit ng panauhing dumating. At iyon ang isang bagay na ipinagmamalaki ko na isisigaw sa tuktok ng mundo. Kailangan ng mundo ang iyong karunungan. Kailangang malaman ng mundo kung paano mo nilabanan ang unos na dala ng delubyo... Oo, ako, kasama ang lahat ng iyong mga anak, ay tass-noong ipapangalandakan sa mundo: ANG AMING AMA, ANG NCHU, AY MAAARING MAKATULONG... MAKAKATULONG ANG TAIWAN.... BUONG DAIGDIG, MAKINIG, MAKAKATULONG KAMI!



“Ang bawat paglubog ng araw ay nagdadala ng pangako ng isang bagong buking liwayway.”